



Ikaw at ang iyong pampamanhid

Ang polyetong ito ay nagbibigay ng impormasyon sa kung ano ang aasahan sa operasyon na ginagamitan ng anestisya. Isinulat ito ng mga anestesista (doktor na nagbibigay ng anestesiko) na nagtutulungan kasama ang mga pasyente at kinatawan ng pasyente. Ipinapakita rin nito kung saan ka makahahanap ng ibang impormasyon na maaaring makatulong.

Mga Nilalaman

Ipinapaliwanag sa polyetong ito:

- ang iba't ibang uri ng mga gamot na pampamanhid
- ano ang mangyayari bago ang operasyon
- paano pag-usapan ang mga peligro at opsyon kasama ang iyong anestesista
- paano maghanda para sa operasyon
- ano ang mangyayari sa araw ng operasyon
- ano ang mangyayari pagkatapos ng operasyon
- saan makahahanap ng karagdagang impormasyon.

Ano ang anestisya?

Pinipigilan ng anestisya na makaramdam ka ng sakit at hindi kanais-nais na pakiramdam. Maaari itong ibigay sa iba't ibang paraan at hindi palaging nangangahulugan na ikaw ay natutulog.

May iba't ibang uri ng anestisya, depende sa paraan kung paano ibinibigay:

Ang lokal na anestisya ay nagsasangkot ng mga iniksyon na nagpapamanhid sa maliit na bahagi ng iyong katawan at karaniwang ginagamit para sa maliliit na pamamaraan. Nananatili kang may malay ngunit walang nararamdamang pananakit. Ito ay karaniwang pinangangasiwaan ng siruhano na nagsasagawa ng operasyon.

Ang rehiyunal na anestisya (halimbawa, spinal, epidural o nerve blocks) ay nagsasangkot ng mga iniksyon na nagpapamanhid ng mas malaki o mas malalim na bahagi ng katawan. Nananatili kang may malay o nakatatanggap ka ng kaunting pampakalma, ngunit walang nararamdamang pananakit. Para sa ilang operasyon, maaaring mapansin mo ang mga pakiramdam na dinidiinan o pinipindot ang balat.

Ang pangkalahatang anestisya ay gamot na nagbibigay ng isang malalim na kalagayan ng pagtulog. Napakahalaga nito para sa ilang mga operasyon at proseso. Wala kang malay at nararamdaman. Ang mga gamot para sa pangkalahatang pampamanhid ay karaniwang ipinapadaan sa ugat o hinihinga bilang isang gas, o kombinasyon ng dalawa.

Ang prosesong pampakalma ay nagpaaantok at nakarerelaks. Hindi ka lubusang makatutulog at maaring maging may kamalayan ka sa iyong paligid.

Ang prosesong pampakalma ay kadalasang ginagamit kasama ng lokal o rehiyunal na pampamanhid. Ang pampakalma ay maaaring magaan o malalim depende sa pamamaraan at maaari mong matandaan ang lahat, ilang bagay o wala pagkatapos.

Para sa iba pang impormasyon tungkol sa prosesong pampakalma, pakisuyong tingnan ang aming **polyetong Pagpapaliwanag sa pampakalma na makikita sa aming website: [link to be added by RCoA]**

Ang karagdagang impormasyon tungkol sa iba't ibang uri ng mga gamot na pampamanhid ay matatagpuan sa

www.rcoa.ac.uk/patient-information/translations/tagalog

Tungkol sa anestesista

Ang mga anestesista ay mga doktor na may espesyal na kasanayang:

- talakayin sa iyo ang mga uri ng pampamanhid na angkop para sa iyong operasyon
- kung may mga mapagpipilian, tutulungan kang pumili at talakayin ang mga peligro, benepisyo at mga alternatibo sa iyo
- nakikipagkasundo sa iyo sa plano para sa iyong pampamanhid at pagkontrol sa pananakit pagkatapos
- ibigay ang iyong pampamanhid at responsable para sa iyong kaligtasan at kagalingan sa kabuuan ng panggagamot at sa silid para sa pagpapagaling.

Maaari ka ring makatagpo ng iba pang nasanay na propesyunal sa pangangalaga ng kalusugan. Sa aming website, maaaring magbasa ng higit pang impormasyon tungkol sa mga tungkuling ito at sa pangkat ng nag-aanestisya:

www.rcoa.ac.uk/patientinfo/anesthesia-team

Ang klinikang nagsusuri bago ang operasyon (klinikang nagsusuri bago ang operasyon)

Kung mayroon kang nakaplanong operasyon, maaaring maimbitahan ka sa klinikang nagsusuri bago ang operasyon ilang linggo o araw bago ang panggagamot. Minsan, para sa mas maliit na operasyon, tatawagan ka ng isang nars o maaaring hilingin sa iyo na punan ang isang talatanungan.

Mangyaring dalhin ang:

- isang listahan ng mga gamot na iniinom mo o dalhin ang iyong mga gamot sa buong pakete ng mga ito (maaari kang makakuha ng kopya ng listahang ito mula sa iyong parmasyutiko o GP)

- anumang impormasyong mayroon ka tungkol sa mga pagsusuri at paggamot sa ibang mga ospital
- impormasyon tungkol sa anumang problema na maaaring mayroon ka o ang iyong pamilya tungkol sa mga pampamanhid
- ang iyong pinakahuling presyon ng dugo.

Mahalagang masuri ng iyong GP ang iyong presyon ng dugo pagkatapos mong malaman na magkakaroon ka ng operasyon. Kung ang iyong presyon ng dugo ay mataas, ang paggamot ay maaaring simulan nang mas maaga upang maiwasan ang pagkaantala ng operasyon.

Sa klinika, ang mga nars ay:

- detalyadong magtatanong sa iyo tungkol sa iyong aktibidad at anumang problema sa pisikal na kalusugan at kalusugan ng pag-iisip
- magtatanong sa iyo tungkol sa iyong mga allergies at reaksiyon (mangyaring magdala ng mga detalye)
- gagawa ng tumpak na listahan ng mga gamot na iniinom o ginagamit mo, kasama ang mga gamot na pantanggal-kirot
- magtatanong sa iyo kung ikaw ay naninigarilyo, umiinom ng alak, o gumagamit ng mga drogang panlibangan
- kukunin ang iyong timbang at taas
- dumudugokukunin ang presyon ng iyong dugo at susuriin ang bilis ng tibok ng iyong puso at mga antas ng oksiheno
- makikinig sa iyong puso at dibdib kung kailangan
- mag-aayos ng anumang pagsusuri ng dugo kung kailangan
- magsasagawa ng electrocardiogram (ECG) para masuri ang tibok ng puso mo kung kinakailangan
- kukuha ng swab sa balat at/o ilong para suriin kung may anumang impeksiyon
- magpapayo sa kung anong gamot ang dapat mong inumin o gamitin sa araw ng iyong operasyon at anong pantanggal ng pananakit ang dapat mong ihanda sa bahay para sa iyong paggaling
- ibibigay sa iyo ang impormasyon tungkol sa prosesong gagawin at mga peligrong pwedeng maranasan
- ibibigay sa iyo ang impormasyon tungkol sa kung kailan ka hindi kakain at iinom.

Maaari ka rin nilang bigyan ng impormasyon tungkol sa pagsasalin ng dugo kung sa tingin nila ay maaaring kailanganin mo ito.

Palaging iniawasan ang pagsasalin ng dugo maliban kung kailangan ito. Pwede ka ring makahanap ng iba pang impormasyon tungkol sa kanila sa website ng NHS:

www.nhsbt.nhs.uk/what-we-do/blood-services/blood-transfusion

Makipagkita sa iyong anestesista

Maaari kayong makipagkita sa anestesista sa kanilang pre-assessment clinic. O di kaya'y maaari kayong makipagkita sa iyong anestesista sa ospital sa mismong araw ng iyong operasyon. Ipaliliwanag nila kung anong uri ng pampamanhid ang ibibigay sa

iyo, kasama na ang mga pakinabang, peligro, at ang mga gusto ninyong mangyari, at magdedesiyon kayo kung anong pampamanhid ang pinakamaganda para sa iyo.

Subalit, hindi lahat ng uri ng anestisya ay naaangkop para sa lahat ng uri ng operasyon.

Kung mayroong pagpipilian na pampamanhid, ang desisyon sa kung alin ang gagamitin ay ibabatay sa:

- operasyon na gagawin sa iyo
- anumang mga problemang medikal at mga espesipikong peligro sa iyo
- ang iyong mga kagustuhan at ang mga dahilan dito
- rekomendasyon at mga partikular na kasanayan ng anestesista
- ang kagamitan, tauhan, at mga mapagkukunan sa ospital.

peligro at pinagsamang paggawa ng desisyon

Ligtas ang mga makabagong mga gamot na pampamanhid. May mga pangkaraniwang epekto ang mga gamot na pampamanhid o sa mga kaukulang kagamitan, na kadalasan ay hindi seryoso o tumatagal. Iba-iba ang peligro sa bawat tao at depende ito sa pamamaraan ng ginamit na pampamanhid.

Tatalakayin ng iyong anestesista ang mga peligro na pinaniniwalaang mahalaga sa iyo. Ipaliliwanag lamang nila ang mas karaniwang peligro kung may kaugnayan iyon sa iyo.

Kung gusto mong magbasa ng iba pang detalye tungkol sa mga maaaring peligro sa anestisya, pakisuyong bisitahin:

www.rcoa.ac.uk/patient-information/translations/tagalog

Pinagsamang paggawa ng desisyon

Ang pinagsamang paggawa ng desisyon ay nagbibigay ng kasiguraduhan na bawat indibidwal ay sinuportahang gumawa ng tamang desisyon para sa kanila. Ito ay proseso ng pagtutulungan sa pamamagitan ng suporta ng clinician sa isang pasyente na magkaroon ng desisyon tungkol sa kanilang gamutan.

Ang pag-uusap ay pinagsasama-sama:

- Ang clinician ay eksperto, gaya ng opsyon sa paggagamot, patunay, mga panganib at mga pakinabang
- anuman ang alam ng pasyenteng makabubuti: mga kagustuhan nila, mga personal na kalagayan, mga layunin, mga pinahahalagahan at paniniwala.

Alamin pa nang maigi rito: www.england.nhs.uk/personalisedcare/shared-decision-making

Narito ang ilang kasangkapan na iyong magagamit para sa pakikipag-usap mo sa iyong anestesista o tauhan para sa paunang operasyong pagsusuri:

Sa pagpili ng balangkas ng Wisely UK BRAN

Gamitin ito bilang paalala na magtanong tungkol sa paggamot.

https://bit.ly/CWUK_leaflet

May tatlong tanong ang NHS

Maaaring mayroong mga pagpipilian tungkol sa iyong pangangalaga sa kalusugan.

https://bit.ly/NHS_A3Qs

The Centre for Pangangalaga na Perioperative (CPOC)

Gumawa ng animasyon ang CPOC upang ipaliwanag ang pinagsamang paggawa ng desisyon www.cpod.org.uk/shared-decision-making

Mga tanong na maaaring gusto mong alamin

Kung may mga katanungan sa iyong anestetik, isulat ang mga ito (maaari mong tingnan ang mga halimbawa sa ibaba at idagdag ang sariling tanong sa espasyo sa ibaba). Kung gusto mong makipag-usap sa doktor na anestesista bago ang araw ng iyong operasyon, kontakin ang pangkat sa pagsusuri bago ang operasyon na maaaring makapag-ayos para iyong makausap ang anestesista sa telepono o makita siya sa klinika.

1. **May mga natatangi ba akong panganib mula sa pampamanhid?**
2. **Maaapektuhan ba ng pampamanhid ang aking paggaling pagkatapos ng operasyon?**

Paghahanda para sa operasyon

Mas mabilis na gumagaling mula sa operasyon at may mas kaunting komplikasyon ang mga pasyenteng may kakayahang mapabuti ang kanilang kalusugan at pamumuhay.

Marami kang magagawa para ihanda ang iyong sarili para sa isang operasyon. Kahit maliliit na mga pagbabago ay maaaring gumawa ng malaking pagkakaiba. Baka gusto mong pataasin ang iyong mga antas ng pisikal na aktibidad at pagbutihin ang iyong diyeta. Kung umiinom o naninigarilyo ka, dapat mong isaalang-alang ang pagbabawas o kahit ang pagtigil.

Kung mayroon kang matagal nang problemang medikal, suriin sa iyong GP ng pag-opera kung mayroon kang anumang bagay na magagawa upang mapabuti ito bago ang operasyon.

Magbibigay sa iyo ng impormasyong kailangan mo para maging mas fit at mas maging handa para sa iyong operasyon ang aming **Fitter Better Sooner** na mapagkukunan. Pakitingnan ang aming website para sa higit pang impormasyon: www.rcoa.ac.uk/patient-information/translations/tagalog

Sa araw ng iyong operasyon

Dapat na magbigay ang ospital ng malinaw na tagubilin tungkol sa kung kailan titigil sa pagkain at pag-inom. Mahalaga ang mga tagubiling ito. Kung mayroong pagkain o likido sa iyong tiyan sa

panahon ng iyong pampamanhid, maaari itong pumasok sa iyong lalamunan at baga at ilagay sa panganib ang iyong buhay.

Kung mayroon kang diabetes, mangyaring suriin sa iyong ospital kung kailan itigil sa pagkain at pag-inom at kung paano mo dapat inumin ang iyong gamot sa araw ng iyong operasyon.

Kung naninigarilyo ka, hindi ka dapat manigarilyo sa araw ng iyong operasyon, dahil binabawasan nito ang dami ng oxygen sa iyong dugo. Hindi ka rin dapat mag-vape.

Kung umiinom ka ng gamot, dapat mong sundin ang mga partikular na tagubilin mula sa pangkat ng tagatasa bago ang pag-opera kung paano iinumina ang mga iyon sa araw ng operasyon. Papayagan kang sumipsip ng tubig para mainom ang anumang tableta kung kinakailangan.

Kung umiinom ka ng anumang 'pampalabnaw ng dugo' na gamot tulad ng warfarin, clopidogrel o rivaroxaban, kakailanganin mong talakayin sa iyong konsultant o ang pangkat ng tagatasa bago ang pag-opera kung dapat o kailan mo dapat itigil ang pag-inom ng mga ito. Titingnan nila ang anumang panganib ng pagdurugo at mga panganib ng paghinto sa paggamot, at gagawa sila ng plano sa iyo. Bibigyan ka ng nars ng mga malinaw na tagubilin bago ang iyong operasyon.

Kung masama ang pakiramdam mo kapag dapat ka na pumunta sa ospital, mangyaring tumawag sa ward para sa payo.

Mangyaring tanggalin ang lahat ng kulay sa kuko, pekeng kuko o mga gel bago pumunta sa ospital. Tinitiyak nito na gumaganang mabuti ang clip sa iyong daliri para sukatin ang mga antas ng oxygen sa panahon ng iyong pampamanhid.

Paghahanda para sa iyong operasyon

Bibigyan ka ng iyong nars ng isang gown ng ospital na iyong isusuot at pag-usapan kung anong damit-panloob ang maaari mong isuot.

Maaaring pagsuotin ka ng mga elastikong stocking para bawasan ang mga panganib ng pamumuo ng dugo sa iyong mga binti.

Magkakabit ang iyong nars ng mga band ng pagkakakilanlan sa iyong pupulsuhan o bukong-bukong at, sa ilang mga ospital, nagkakabit ng isang karagdagang band kung mayroon kang anumang mga allergy.

Paminsan-minsang ibinibigay ang paunang gamot (isang 'pre-med') bago ang ilang pampamanhid. Inihahanda ng mga pre-med ang iyong katawan para sa operasyon – maaari nilang simulan ang pagtanggap ng pananakit, bawasan ang asido sa tiyan o tulungan kang mag-relax.

Magsasagawa ang isang nars ng test sa pagbubuntis sa sample ng ihi kung ikaw ay isang babae na nasa edad na ng panganganak. Karaniwang kasanayan ito.

Dapat mong tanggalin ang alahas at/o anumang palamuting pambutas. Kung hindi mo ito matanggal, tatakpan ito ng mga nars ng tape para maiwasang masira ito o ang iyong balat. Karaniwang maaaring magsuot ng singsing sa kasal.

Maaari kang alukin ng kaunting inuming tubig.

Kapag tinawag ka para sa iyong operasyon

- Sasamahan ka ng miyembro ng kawani patungo sa teatro.
- Karaniwang maaari mong isuot ang iyong salamin sa mata, mga contact lens at mga hearing aid, at pustiso hanggang makarating sa silid ng pampamanhid. Puwede mong mapanatili ang mga ito kung wala kang pangkalahatang pampamanhid.
- Kung bibigyan ka ng lokal o rehiyunal na pampamanhid, maaari mong dalhin ang iyong sariling elektronikong device na may earphones para gamitin sa pakikinig ng musika (suriin sa iyong nars).
- Maaari kang maglakad papunta sa teatro, na sinamahan ng isang miyembro ng kawani, o maaari kang sumakay sa wheelchair o sa isang kama o troli. Maaari kang magsuot ng sarili mong gown na pang-ospital at tsinelas kung ikaw ay naglalakad.

Gagawin ang mga regular na pagsusuri pagdating mo sa departamento ng pag-opera, bago magsimula ang pampamanhid. Itatanong sa iyo ang iyong pangalan, petsa ng kapanganakan, ang operasyon na gagawin sa iyo, kung saang parte ng katawan mo gagawin ang operasyon, kung kailan ka huling kumain o uminom, at kung mayroon kang anumang mga allergy. Karaniwang ginagawa ang mga pagsusuring ito sa lahat ng mga ospital.

Pagsisimula ng pampamanhid

Maaaring simulan ang iyong pampamanhid sa silid ng pampamanhid o sa teatro sa pag-opera. Magtatrabaho ang iyong anestisista kasama ang isang sinanay na assistant. Magkakabit ang anestisista o ang assistant ng mga monitor para sukatin ang bilis ng tibok ng iyong puso, presyon ng dugo, at mga antas ng oxygen, at anumang iba pang kagamitan kung kinakailangan.

Ipapasok sa isang daluyan ng dugo sa likod ng iyong kamay o braso ang isang manipis na plastik na tubo na cannula. Gagamitin itong pampamanhid at anumang iba pang mga gamot na kinakailangan sa panahon at pagkatapos ng operasyon. Kung nababalisa ka tungkol sa pagpasok ng cannula, maaari kang magkaroon ng lokal na pampamanhid na cream upang mamanhid ang parte.

Pangkalahatang pampamanhid

- Itinuturok sa ugat ang mga pampamanhid na gamot sa pamamagitan ng cannula. Karaniwang ginagamit ang pamamaraang ito upang simulan ang pampamanhid at ganoon din upang magbigay ng iba pang mga gamot sa panahon ng operasyon. Maaari ka ring bigyan ng oxygen sa pamamagitan ng mask.
- Pagkatapos mong makatulog, isang tubo sa paghinga ang ipapasok upang magbigay ng oxygen at gas ng pampamanhid kung kinakailangan. Tatanggalin ang tubo ng paghinga bago ka gumising.

Makukuha ang higit pang impormasyon sa leaflet **Ang iyong daanan ng hangin at paghinga habang may pampamanhid:**

www.rcoa.ac.uk/patient-information/translations/tagalog

Panrehiyong pampamanhid

Kung mayroon kang panrehiyong pampamanhid, mangyayari ang mga sumusunod:

- hihilingin sa iyo ng iyong anestisista na huwag gumalaw habang binibigay ang mga iniksyon. Maaari silang gumamit ng espesyal na ultrasound machine upang ilagay

ang lokal na pampamanhid. Maaari mong mapansin ang isang mainit-init at makirod na pakiramdam habang ang pampamanhid ay nagsisimulang magkabisa

- ipagpapatuloy lamang ang iyong operasyon kapag tiyak ka na at ang iyong anestisista na manhid na ang bahagi Gagawa sila ng ilang pagsusuri upang matiyak na gumagana ang pampamanhid
- mananatili kang alerto at may kamalayan sa iyong paligid, maliban kung binibigyan ka ng pampakalma. Pipigilan ka ng screen na makita ang operasyon maliban kung gusto mo at sumang-ayon ang pangkat ng teatro na maaari kang manood
- laging malapit sa iyo ang isang miyembro ng pangkat ng pampamanhid at maaari mo silang kausapin kahit kailan mo gusto
- maaari ka ring makinig ng musika gamit ang mga headphone sa panahon ng pamamaraan.

Silid sa pagpapagaling

Pagkatapos ng operasyon, karaniwan kang dadalhin sa silid sa pagpapagaling, isang espesyal na ward na malapit sa teatro ng pag-opera kung saan ikaw ay masusubaybayan habang ikaw ay gumaling mula sa pampamanhid. Titiyakin ng kawani sa pagpapagaling na komportable ka hangga't maaari at bibigyan ka ng karagdang gamot na maaaring kailangan mo. Kapag kuntento na sila na ligtas ka nang gumaling mula sa iyong pampamanhid at mayroon nang kamang magagamit, ihahatid ka na pabalik sa ward.

Pampawala sa pananakit pagkatapos ng operasyon

Ang uri at dami ng pampawala ng pananakit na iaalok sa iyo ay nakasalalay sa operasyong ginagawa sa iyo at sa mga antas ng iyong pananakit pagkatapos ng operasyon. Nangangailangan ng higit na lunas sa sakit kaysa sa iba ang ilang mga tao.

Sa pangkalahatan, dapat asahan ang ilang antas ng pananakit o kakulangan sa kaginhawaan sa panahon ng iyong paggaling. Maaaring napakahusay ng mga mas malalakas na pangpawala ng sakit sa pagpawi ng pananakit, ngunit maaaring may mga side effect ang mga ito, tulad ng pagduduwal, pagtitibi, at pagkaadik sa mahabang panahon.

Maaaring ialok sa iyo ang mga sumusunod na uri ng pampawala ng sakit:

- **mga pill, tableta o likido para inumin** – ginagamit ang mga ito para sa lahat ng uri ng pananakit. Karaniwan silang tumatagal nang hindi bababa sa kalahating oras upang magkabisa. Kailangan mong makakain, makainom at hindi makaramdam ng sakit para gumana ang mga gamot na ito.
- **mga iniksyon** – maaaring ito ay intravenous (sa pamamagitan ng iyong cannula papunta sa isang ugat para sa isang mas mabilis na epekto) o intramuscular (sa iyong binti o buttock na kalamnan gamit ang isang karayom, tumatagal nang humigit-kumulang 20 minuto upang gumana).
- **patient-controlled analgesia (PCA)** – kabilang dito ang isang makina na may push button na, kapag pinindot mo, ay naghahatid ng maliit na dosis ng malakas na pain killer nang direkta sa iyong cannula o drip. Nakaprograma ito upang matiyak na hindi mo maaaring bigyan ang iyong sarili ng labis na dosis. Binibigyan ka ng PCA ng direktang kontrol sa sarili mong pagginhawa sa pananakit.

- **local na pampamanhid at mga regional block kabilang ang spinals at epidurals –** Maaaring maging lubhang kapaki-pakinabang para sa pag-alis ng pananakit pagkatapos ng operasyon ang mga uri ng pampamanhid na mga ito. Matatagpuan sa aming mga leaflet ang higit pang detalye Ginhawa sa **Epidural na pananakit pagkatapos ng operasyon, Iyong panggulugod na pampamanhid at Mga nerve block para sa operasyon sa balikat, braso, o kamay:**
www.rcoa.ac.uk/patient-information/translations/tagalog

Pampawala ng pananakit pagkalabas sa ospital

Bagama't maaari kang mabigyan ng supply ng mga pangpawala ng sakit kapag umalis ka sa ospital, makatuwirang bumili ng ilang over-the-counter na pangpawala ng pananakit upang maihanda sa bahay. Kung kinakailangan mo pa rin ang mga ito dalawang linggo pagkatapos lumabas sa ospital, makipag-ugnayan agad sa iyong doktor para talakayin pa ito.

Maaaring resetahan ka ng mga pangpawala ng pananakit na naglalaman ng mga opioid pagkatapos ng iyong operasyon. Mahalagang bawasan o ihinto ang paggamit ng mga gamot na ito sa lalong madaling panahon dahil nakakapahamak ang tuluy-tuloy na paggamit nito.

Makakahanap ka ng higit pang impormasyon sa mga opioid sa website ng Faculty of Pain Medicine: www.fpm.ac.uk/opioids-aware/information-patients

Pag-uwi at kung kailan hihingi ng tulong

Hindi ka makakapagmaneho pagkatapos ng operasyon, kaya dapat kang mag-ayos ng taxi o kung sinong susundo sa iyo.

Bago ma-discharge bibigyan ka ng impormasyon sa anumang mga ehersisyo na dapat mong gawin upang matulungan kang gumaling at impormasyon kung paano aalagaan ang iyong sugat.

Dapat kang makipag-ugnayan sa iyong doktor o sa ospital kung saan ka nagkaroon ng operasyon kung:

- mayroon kang matinding pananakit o tumataas ang iyong pananakit
- nagkakaroon ka ng pananakit at pamamaga kung saan ka nagkaroon ng operasyon
- nakakaranas ka ng pananakit ng dibdib o kahirapan sa paghinga
- mayroon kang anumang mga alalahanin na hindi saklaw ng impormasyon sa paglabas na ibibigay sa iyo ng ospital.

Kung masama ang pakiramdam mo, dapat kang pumunta sa pinakamalapit na emergency department sa lalong madaling panahon.

Disclaimer

Sinisikap naming tiyaking tumpak at napapanahon ang impormasyon sa polyetong ito, ngunit hindi namin ito magagarantiya. Hindi namin inaasahan na masasagot ng pangkalahatang impormasyon na ito ang lahat ng posibleng tanong mo o na matatalakay nito ang lahat ng maaaring mahalaga para sa iyo. Dapat mong talakayin ang iyong mga desisyon at anumang alalahanin mo sa iyong medikal na team, gamit ang polyetong ito bilang gabay. Hindi dapat ituring na payo ang polyetong ito. Hindi ito maaaring gamitin para sa anumang layuning komersyal o pangnegosyo. Para mabasa ang buong disclaimer, mag-click dito (www.rcoa.ac.uk/patient-information/translations/tagalog).

Gawa ang lahat ng pagsasalin ng komunidad ng mga tagasalin ng Translators Without Borders. Sinusuri ang kalidad ng mga pagsasalang ito para masigurong tumpak hangga't maaari ang mga salin, ngunit maaaring magkaroon ng mga hindi tumpak na salin at maling pagpapakahulugan sa ilang impormasyon.

Iparating sa amin ang iyong saloobin

Kung mayroon kang anumang pangkalahatang komento, ipadala iyon sa: patientinformation@rcoa.ac.uk

Royal College of Anaesthetists

Churchill House, 35 Red Lion Square, London WC1R 4SG
020 7092 1500

rcoa.ac.uk

Ikaanim na Edisyon, Abril 2023

Susuriin ang leaflet na ito sa loob ng tatlong taon mula sa araw ng paglathala.

© 2023 Royal College of Anaesthetists

Maaaring kopyahin ang leaflet na ito para sa layunin ng paggawa ng mga materyales na magbibigay ng impormasyon sa pasyente. Paki-quote ang orihinal na pinagmulang orihinal. Kung gusto mong gumamit ng bahagi ng leaflet na ito para sa ibang lathalain, dapat na magbigay ng naaangkop na pagkilala at kailangang alisin ang mga logo, branding, larawan, at icon. Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa amin.